pag-asa

# Pinapalakas ng Pag-asa

WEEK 4

## WARM-UP

- Sino ang taong hinahangaan mo at gusto mong tularan? Bakit?
- Anu-ano ang mga ginagawa mo upang iparating sa isang tao na mahal mo siya, na nag-aalala ka para sa kanya, o na iniisip mo siya? Bakit mahalaga ang mga ito para sa iyo?
- Paano ka madalas na tumutugon kapag hindi mo nagustuhan ang pag-uugali o kilos ng isang tao? Mag-isip ng isang pangyayari tungkol dito.

## WORD

[1]*Kaya nga mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo alang-alang sa maraming pagkakataong kinaawaan tayo ng Dios, ibigay ninyo sa kanya ang inyong mga sarili bilang mga handog na buhay, banal at kalugod-lugod sa kanya. Ito ang tunay na pagsamba sa kanya.* [2]*Huwag ninyong tularan ang mga pag-uugali ng mga tao sa mundong ito. Hayaan ninyong baguhin kayo ng Dios sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong mga isip, para malaman ninyo ang kalooban ng Dios—kung ano ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa kanyang paningin.* **ROMA 12:1–2**

(Basahin din ang **ROMA 12:3–21.**)

Ang lahat ng ginawa ng Diyos para sa atin—ang ating kaligtasan, pagtubos, at puwang sa walang hanggan kasama si Cristo—ay dapat magbunga ng pagsamba sa Kanya. Bilang tugon sa Kanyang awa, kabutihan, at katapatan, dapat nating ialay ang ating sarili bilang isang buhay na handog. Hindi tayo dapat maging katulad ng mundo. Sa halip, dapat ay naiiba ang pamumuhay natin sa mundo, habang pinapalakas ng pag-asa sa Diyos at napapanatag ng Kanyang awa. Tingnan natin kung gaano dapat maging kakaiba ang buhay natin ngayon.

## APPLICATION

- Maglaan ng oras ngayong linggo upang pag-isipan ang sinasabi sa Roma 12. Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang iyong mga alalahanin at isyu, at hilingin na gabayan ka Niya palapit sa krus. Ipagdasal na mamuhay ka nang sumasamba sa Kanya bilang tugon sa Kanyang habag at pag-ibig.
- Maaari ba nating ipagkatiwala sa Diyos ang mga gumagawa ng masama? Paano ka mamumuhay sa paraang nagbibigay karangalan sa Diyos, kahit na ikaw ang ginawan ng pagkakamali?
- Paano ka magiging pagpapala sa mga tao sa paligid mo na mahirap mahalin? Ano ang isang bagay na handa kang gawin ngayong linggo?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang pag-ibig at sa kagustuhan Niya na mas lalo tayong maging katulad ni Cristo araw-araw. Maging tapat sa iyong mga kahinaan at kakulangan sa Kanya, at aminin na kailangan mo Siya sa iyong buhay araw-araw.
- Ipagdasal na ang buhay mo ay maging isang pagsasalamin kay Cristo. Ipagdasal na maipakilala mo Siya sa pamamagitan ng iyong pananalita at pamumuhay.
- Ipagdasal ang mga umuusig sa iyo, ang mga gumawa sa iyo ng kasamaan, at ang mga mabababa sa paningin mo. Hilingin sa Diyos na makita mo sila ayon sa Kanyang pananaw, at ipagdasal na magkaroon ka ng malasakit, pag-ibig, at biyaya para sa kanila.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Kapag tayo'y pinapalakas ng pag-asa, maaari nating pagpalain ang iba sa halip na isumpa.

*Idalangin ninyo sa Dios na pagpalain ang mga taong umuusig sa inyo. Pagpalain ninyo sila sa halip na sumpain.* **ROMA 12:14**

Kapag tayo ay inuusig, ang natural na tugon ng tao ay ang protektahan ang sarili at isumpa ang mga nang-uusig. Ngunit hindi tayo dapat mamuhay nang ganito. Sa halip na isumpa ang iba, dapat natin silang pagpalain. Sa tingin mo, bakit kaya ito mahirap gawin? Ano sa palagay mo ang mangyayari kapag pinagpapala at ipinagdarasal natin ang mga umuusig sa atin?

## 2 Kapag tayo'y pinapalakas ng pag-asa, maaari tayong mamuhay nang mapagpakumbaba at hindi mapagmataas.

*Mamuhay kayo nang mapayapa sa isa't isa. Huwag kayong magmataas, sa halip ay makipagkaibigan kayo sa mga taong mababa ang kalagayan. Huwag kayong magmarunong.*
**ROMA 12:16**

Habang tayo ay umuunlad sa buhay, maaari nating isipin na nakakaangat tayo o mas magaling kaysa sa iba. May kaugalian tayong maging mapagmataas, lumayo sa mga mababababa, at maging matalino sa sarili nating paningin. Ngunit hindi tayo dapat mamuhay nang ganito. Sa halip na ituring ang ating sarili na higit sa iba, dapat tayong *makipagkaibigan . . . sa mga taong mababa ang kalagayan*. Paano ito makikita sa araw-araw na pamumuhay? Sinu-sino ang maaari nating ituring na mababa, at paano tayo makikisama sa kanila?

## 3 Kapag tayo'y pinapalakas ng pag-asa, maaari tayong tumugon sa paraang marangal at hindi mapaghiganti.

*Huwag ninyong gantihan ng masama ang mga gumagawa sa inyo ng masama. Gawin ninyo ang mabuti sa paningin ng lahat.*
**ROMA 12:17**

Kapag may kamalian at kasamaang ginawa laban sa atin, ang madalas nating tugon ay ang maghiganti at ibalik nang mas malala pa ang mga ginawang masama sa atin. Ngunit hindi tayo dapat mamuhay nang ganito. Sa halip na maghiganti, dapat nating gawin kung ano ang tama at marangal sa mata ng iba. Dapat nating pagtagumpayan ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan (Roma 12:21). Ayon sa Roma 12:19–20, ano ang dapat nating gawin sa halip na maghiganti? Bakit ito ang mas mabuti?

Dapat tayong mamuhay nang naiiba sa mga nakasanayang gawin ng tao at sa mga itinuturo ng mundo. Kay Cristo, tayo ay dapat na magpahalaga, magmahal, at maglingkod sa isa't isa. Bagamat mahirap ito gawin nang mag-isa, ang pag-ibig at awa ng Diyos sa atin ang nagbibigay ng lakas at kakayahan upang tayo ay makapamuhay sa paraang magbibigay ng karangalan sa Kanya. Maaari tayong magmahal dahil una tayong minahal ng Diyos (1 Juan 4:19), at maaari tayong mamuhay nang may pag-asa.